Icon sa Panalangin at Liturhiya

Tanong:

Paano kayo nananalangin kasama ang icon ng Ating Ina ng Laging Saklolo?

Paano kayo nananalangin kasama si Maria?

Humingi ng sagot sa mga katanungang ito.



Ang Icon ay nabubuhay sa konteksto ng panalangin at liturhiya. Kung gagamitin ang icon sa labas ng kontekstong ito, halimbawa, pagbili ng icon upang isabit ito sa dingding na magsisilbing dekorasyon sa bahay o pang-display sa museo bilang isang likha ng sining, hindi na ito magiging tunay na icon.

Ang mga icon ay may mahalagang papel sa banal na Liturhiya, lalong lalo na sa Silanganing simbahan. Dahil dito ang mga ito ay pinipinta rin ayon sa mga alituntunin ng Liturhiya. Tulad din ng Liturhiya, pinapasulyap tayo sa pamamagitan ng mga icon sa kalangitan.

Sa mga silanganing simbahan, ang kanilang mga Liturhiya ay nagisimula sa pamamagitan ng pag-iinsenso sa mga icon. Bahagi rin ng Liturhiya ang paghalik sa mga ito.

Bagamat ang mga Icon ay tunay na sagradong bagay hindi natin ito sinasamba. Ang pagsamba ay nakatuon lamang sa Diyos, katulad ng sa Eukaristiya.

Kung hindi pagsamba ano ang karapat-dapat na pagpaparangal sa mga Icon? Ang angkop na pagpaparangal sa mga icon ay ang pagbigay-galang. Sa mga Icon ni Maria, ang karapat-dapat na pagpaparangal ay ang pinakamataas na pagbigay-galang.

Latria – pagsamba
Nakatuon lamang sa Diyos,
Halimbawa, sa eukaristiya

Hyperdulia (sa pagitan ng *latria* at *dulia*)
Nakatuon kay Maria,
Pinakamataas na pagbigay-galang

Dulia – pagbigay-galang
Nakatuon sa mga santo at mga imahen

Ang ating pagdarasal ay nakatuon higit sa lahat sa Diyos, hindi kay Maria at sa mga Santo. Si Maria at mga Santo ay mga tagapagdasal at tagapamagitan para sa atin patungo sa Diyos.

Tayo ay di nagdarasal na nag-iisa, kasama natin ang buong simbahan—kapwa natin buhay na nandito pa sa lupa o mga banal na nandoon na sa langit.

Ang Icon ay hindi lamang isang bagay na nararapat pagbigyan ng galang kundi higit sa lahat ito ay isang pangyayari ng pagtatagpo: Ang pagtatagpo ng ating buhay at ang makalangit na buhay ng Diyos sa kawalang-hanggan.

Sapagkat ang Icon ay isang karanasan, ang mas karapat-dapat na pagdarasal sa icon ay ang pagdarasal na kasama ang icon kaysa pagdarasal sa icon.

Pagdasal sa Icon → Pagdasal kasama ang Icon

Katulad din ito sa mga imahen, estatwa o larawan ng sinomang santo. We need to renew our devotion from praying to icon to praying with the icon. Hindi tayo nagdadasal sa mga Icon bilang siyang pinakahuling hantungan. Hindi ang icon ang pinakahuling hantungan ng ating panalangin kundi ang Diyos na nag-aanyaya na pumaloob tayo sa kanyang pagmamahal at makibahagi sa pagmamahal na ito sa pamamagitan ng ating pagmamahal sa ating kapwa at sa buong sangnilikha. Ang imbitasyon sa atin ng icon ay pumasok tayo sa icon, na tayo ay bahagi ng icon, na hindi tayo outsider ng icon sapagkat tayo ay inaanyayahan na makiisa sa misteryo ng misyon at Gawain ng Diyos sa buong sangnilikha.

Praying with icons is an ancient prayer practice that involves keeping our eyes wide open, taking into our heart what the image visually communicates. We focus not on what is seen in the icon, but rather on what is seen through it - the love of God expressed through God's creatures.

Hindi tayo nagdarasal sa mga icon bilang siyang pinakahuling hantungan. Hindi ang icon ang pinakahuling hantungan ng ating panalangin kundi ang Diyos na nag-aanyaya na pumaloob tayo sa kanyang pagmamahal at makibahagi sa pagmamahal na ito sa pamamagitan ng ating pagmamahal sa ating kapwa at sa buong sangnilikha.

Ang paanyaya sa atin ng icon ay pumasok tayo sa icon; tayo ay bahagi ng icon, hindi tayo tagalabas sa harap ng icon. Tayo ay inaanyayahan na makiisa sa misteryo ng misyon at Gawain ng Diyos sa buong sangnilikha.

The classic semi-circle structure of the Icon of Trinity by Andrei Rublev which invite the viewer to enter and be part of the icon.

3 uri ng panalangin na maaring gamitin sa pag-debosyon sa Ating Ina ng Laging Saklolo

a. *vocal prayer* – Novena sa Icon
b. *meditation* – Pagninilay-nilay sa harap ng Icon
c. *contemplative prayer* – Pagtitig sa Icon

Vocal Prayer sa Icon

Ang vocal prayer ay ang paggamit ng mga salita at panalangin na galing sa Bibliya, tradisyon ng simbahan o sarili at personal na mga salita para sa Diyos. Ang pinakapopular na vocal prayer ay ang rosary, litanya at novena.

Ang pinakapopular na paraan ng vocal na pagdarasal sa icon ay ang novena. Ang novena ay isang panalangin na dinarasal nang paulit-ulit sa loob ng siyam na araw na magkakasunod o siyam na linggo—isang takdang araw sa bawat linggo, halimbawa, Mierkoles.

Ang novena ay paulit-ulit upang ito ay makalikha at mapaunlad sa atin ang isang gawi at ugali—ang ugali ng Mahal na Birheng Maria sa kanyang mapagkumbabang pagtalima sa Misyon ng Diyos sa kanyang buhay.

Madalas tayo ay binabatikos ng mga Protestante ditto, pero ang sagot naman natin ay ….

Meditation sa Icon

Ang meditation ay isang uri ng panalangin na di gaanong gumagamit ng salita kundi ng mental nating kakayahan. Sa maikling salita ang meditation ay pagninilay-nilay sa tahimik na paraan, paggamit ng isip upang namnanamin ang mga salita ng Diyos, ang buhay ni Maria at mga santo at kung paano ito isasa-praktika sa sariling buhay. Sa meditation ay maaring gumamit ng bibliya o salita ng Diyos na gagabay sa atin kung ano ang nais at ipinapagawa ng Diyos para sa ating buhay.

Contemplation sa Icon

Ang contemplation ay ang pinakamalalim na uri ng panalangin. Ito ay higit pa sa panalangin sapagkat ito ay ang pagdanas o pagganap ng aktwal na bunga at layunin ng panalangin. Sa contemplation sa Icon, ito ay ang pagtanghal ng diwa ng Icon, halimbawa sa Icon ng Ating Ina ng Laging Saklolo, ito ay ang pagtanghal ng masunurin at mapagpakumbabang pagtalima ni Maria sa kalooban ng Diyos.

Contemplation sa Icon

Madalas, ang contemplation ay walang salita at hindi rin gumagamit ng isip. Ito ay para maranasan sa pinakamalalim na paraan at bahagi ng ating pagkatao ang presensya ng Diyos. Hinahayaan lamang ang sarili na mawala o matunaw sa presensya ng Diyos. Ito ay ang pagpasok sa mundo ng Diyos at pag-iwan sa sarili nating mundo dito sa lupa.

Ang Pagtitig sa mga Icon

Ang isa sa pinakamainam na paraan ng contemplation ng icon ay ang pagtitig sa icon. Mahalagang titigan natin ang mga icon ng buo nating isip at puso at manalangin tayo kaisa nila.

Hindi lamang sandaling oras ang pagtingin sa mga icon, at ito ay mauunawaan na kaagad. Kailangan gumugol ng mahabang oras upang ito ay tunay na makita. Laging may bago tayong makikita sa ating pagtingin dito.

Ang diin ng ating titig ay hindi kung ano ang nakikita natin sa icon, bagkus ay kung ano ang nakikita natin sa pamamagitan ng mga icon—ang pagmamahal ng Diyos na ipinapahayag sa pamamagitan ng mga nilikha ng Diyos. Sa pamamagitan ng isang mahaba at mataimtim na pananalangin – sa pamamagitan lalo na ng pagtitig sa mga ito ng tahimik, matutunan at maisasapuso natin ito.

Subalit ang pinakataimtim na paraan ng pagtitig ay ang maranasan na ang icon ang siyang mas malalim na tumititig sa atin. Ang mas mahalaga ay hindi kung paanong nakatitig tayo kay Hesus, Maria at mga Santo sa icon kundi kung paano nakatitig si Hesus, Maria at mga Santo sa ating buhay.

Ang icon, una sa lahat ay patungkol sa Diyos na parating nakatingin at naghahanap sa atin. Hindi tayo ang sentro ng buhay dito sa mundo kundi ang Diyos na syang pinanggalingan at hantungan ng lahat ng bagay.

Ang pinakamalalim na pagkaunawa sa kahulugan ng ating buhay ay hindi ang makasarili at mapagmataas na pagtingin natin sa ating mga sarili kundi ang mapagmahal at mapagmalasakit na pagtitig ng Diyos sa lahat ng sangnilikha.